# *ROI YVES H. VILLADIEGO*

Natapos ni Roi Yves H. Villadiego ang kaniyang pag-aaral ng kursong BA Communication Arts, Major in Speech Communication sa UP Los Baños noong 2019. Sa apat na taon, natutunan niya na ang pagsulat ay isang lenteng nakapagpapaintindi ng mga problema sa lipunan. Naniniwala siyang dadating ang panahon na ibabahagi niya ito at ang iba pa niyang natutunan sa pamamagitan ng pagtuturo.

# PAG(MAMA)LINIS

Lumayo na ako sa kanila. Pauwi.

Dinig ko pa rin ang alatiit ng kahoy, yero, at kasangkapang pangkusina. Hindi pa rin sila natitinag sa paghahakot at paglilinis.

“Anong naghahanapbuhay? Walang pero-pero!!!” bulyaw nila sa akin. ‘Sing-ingay ng umaalulong nilang sirena.

“Tess! Tess!” May tumawag sa akin. Huminto ako’t lumingon. Si Minda. Humagulgol na ako.

‘Di naman ako nakaharang, mare. Nabubusog pa nga ‘yung mga estudyante sa paninda ko.”

“Ang hirap nga, pero Tess, binalaan na kita sa operasyon…”

“…. At kinuha nila lahat, pambaon ng mga anak ko, pati pangkain namin! Ano nang gagawin ko?

Katahimikan. Pinunasan na lamang niya ang basa kong pisngi.

Binaybay naming muli ang aspaltong mainit. Dagsa rin ang mga taong naglalakad papunta sa dulo ng kalye kung sa’n ako umuuwi.

“Mga mananaghalian siguro sa karinderya,” bulong sa akin ni Minda.

Sa ‘di kalayuan, kitang-kita namin. Hindi pala putahe ang sadya nila. Tutok na tutok ang lahat sa lumang telebisyon.

“Makinood tayo ng balita. Hihiram din ako ng pera kay Aling Bening,” sagot ko. Tumuloy kami.

Bumungad ang pamilyar na mukha sa telebisyon – siya nga! Ang kumuha ng paninda’t gamit ko.

Sa ilalim ng larawan niya, ipinaskil ang mga salitang:

“BUSINESS TYCOON / MAYOR POLO DURTE, ABSWELTO SA KASONG PAGBEBENTA NG ILEGAL NA DROGA”